

Pinalawak ng Alberta ang pagiging karapat-dapat sa bakuna sa Monkeypox

Hulyo 28, 2022 [Mga katanungan sa media](#)

Simula Hulyo 28, ang mga Albertan na 18 taong gulang at mas matanda na nagpapakilala ng sarili bilang nakatutugon sa mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat para sa pinagtutuunang pag-iwas bago ang isang pagkakalantad ay maaaring makakuha ng bakuna ng Monkeypox.

Ang Imvamune (bakuna sa bulutong-tubig at Monkeypox) ay pinahintulutan sa Canada para sa mga may sapat na gulang na 18 taong gulang at mas matanda at tinutukoy na nasa mataas na peligro para sa pagkakalantad sa virus. Nagbibigay ang Alberta ng Imvamune sa mga malalapit na kontak ng isang nakumpirmang kaso ng monkeypox pagkatapos ng pagkakalantad mula noong Hunyo 7. Upang matulungan na masugpo ang pagkalat ng virus, pinalawak ng Alberta ang pagiging karapat-dapat sa bakuna sa monkeypox upang isama ang pinagtutuunang pag-iwas bago ang isang pagkakalantad para sa mga Albertan na nasa mas mataas na peligro na malantad sa monkeypox.

Simula Hulyo 28, ang mga tipanan para sa mga pagbabakuna ng monkeypox ay maaaring ma-iskedyul, kasama ang pagbibigay ng bakuna simula sa Hulyo 29.

Ang supply ng bakuna ay limitado sa oras na ito. Ang bakuna sa monkeypox ay magagamit ng mga karapat-dapat na indibidwal, simula sa Edmonton at Calgary kung saan matatagpuan ang lahat ng mga nakumpirmang kaso hanggang ngayon. Habang mas maraming bakuna ang magagamit sa mga darating na linggo, ang pagkakaroon ng bakuna ay palalawakin sa iba pang mga sentro sa buong Alberta.

Pagiging karapat-dapat sa bakuna

Simula Hulyo 28, ang mga residente ng Alberta na 18 taong gulang at mas matanda na karapat-dapat para sa bakuna ng monkeypox ay kabibilangan ng:

- Transgender, cisgender o dalawang-espiritong mga indibidwal na nagpapakilala sa sarili bilang nabibilang sa bakla, bisexual at iba pang mga kalalakihan na nakikipagtalik sa mga kalalakihan (GBMSM) na komunidad at nakakatugon sa hindi bababa sa isa sa mga sumusunod na pamantayan:
 - Nakatanggap ng isang kamakailan lamang (sa huling anim na buwan) na diagnosis ng isang naililipat na sekswal na impeksyon.
 - Ay nagpapalano na makikipagtalik, o sa nakalipas na 90 araw ay, nakikipagtalik sa labas ng isang mutual na monogamous na relasyon.
 - Ay dumalo sa mga lugar para sa sekswal na pakikipag-ugnayan sa loob ng nakaraang 90 araw (hal., mga bath house, mga sex club) o maaaring nagpapalano na, o na nagtatrabaho/nagboboluntaryo sa mga kapaligirang ito.
- Anumang mga sekswal na pakikipagkontak ng mga indibidwal na inilarawan sa itaas.
- Mga kawani at mga boluntaryo sa isang panlipunang kapaligiran o lugar o kaganapan kung saan maaaring maganap ang mga sekswal na aktibidad sa pagitan ng mga kalalakihan (mga indibidwal na inilarawan sa itaas).

Proteksyon laban sa monkeypox na virus

Ang malapit na mga kontak ng mga taong pinaghihinalaan o nakumpirmang nagkaroon ng impeksyon sa monkeypox ay pinapayuhan na subaybayan ang sarili sa loob ng 21 araw pagkatapos ng kanilang huling pagkalantad. Kung ang mga sintomas ay umunlad, dapat silang maghiwalay ng sarili, maghanap ng pangangalaga at magpasuri.

Paggawa ng tipanan sa pagbabakuna

Dahil sa limitadong pagkakaroon ng bakuna, ang sinumang karapat-dapat sa oras na ito at interesado na makatanggap ng bakuna sa monkeypox ay dapat tumawag sa Health Link sa 1-866-301-2668 upang suriin ang pagiging karapat-dapat at gumawa ng tipanan.

Para sa karagdagang impormasyon sa monkeypox, bisitahin ang alberta.ca/monkeypox.

Kaugnay na impormasyon

- [Monkeypox na virus](#)

Mga katanungan sa media

Mark Feldbusch

780-915-7722

A/Kalihim ng Press, Kalusugan ng Alberta (Alberta Health)

[Tingnan ang anunsyo na ito sa online](#)
[Silid ng balita ng Pamahalaan ng Alberta](#)
[Makipag-ugnayan sa pamahalaan](#)
[Kanselahin ang subskripsyon](#)